Republic of the Philippines
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 338 , s. 2010

JUL 3 0 2010

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Director ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno/Pinuno ng mga Publiko at Pribadong Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino* sa CSB International Convention Center, Estrada cor. Arellano St., Malate, Maynila sa Oktubre 20-22, 2010.

2. Ang tema ng seminar-worksyap na ito ay *"Pagpapataas ng Kaalaman at Kasanayan: Mga Isyu at Kalakaran sa Linggwistika at Literaturang Filipino"* Layunin ng gawaing ito na:

a. matalakay ang mga isyu at kalakaran sa linggwistika, literatura at *mass media*;
b. malinang ang kasanayan sa pagkilatis sa teleserye at iba pang literaturang popular;
c. magtamo ng kasanayan sa paghahanda ng Planong Pampagkatuto batay sa *Understanding by Design o UbD*; at
d. malinang ang kasanayan sa pagsusuri sa masining versus aktwal na gamit ng Filipino.

3. Inaasahan na ang mga dadalo sa seminar-worksyap na ito ay mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino at mga piling guro sa elemetarya at sekondarya sa bawat paaralan.

4. Ang bayad sa rehistrasyon ay Tatlong Libo Limandaang Piso (PhP3,500.00) para sa tatlong (3) tanghalian at anim (6) na meryenda, lugar na pagdarausan, seminar kit/bag, onoraryum ng mga tagapanayam at iba pang kaugnay na gastos. May 10% diskwento ang mga miyembro ng PSLLF sa pasubaling maipapakita nila ang katunayan ng pagsapi gaya ng ID o resibo.

5. Para sa inyong reserbasyon at sa mga gustong tumigil sa hotel/dormitoryo, mangyaring makipag-ugnayan kina :

Prof. Emma O. Sison
College of St. Benilde
Taft Avenue, Manila
Mobile No. 0917-896-1993
Landline : (02) 881-2573

Dr. Teresita F. Fortuna
De La Salle University-Manila
Taft Avenue, Manila
Mobile No. 0916-378-2823
Landline : (02) 524-4511 local 509

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian:
Wala

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS

R: sally – pambansang seminar-worksyap sa filipino
Hulyo 20, 2010